

Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church Intl Pebrero 2020



Bisitahin ang [Ladies Prayer International on Facebook](#) at i- "like" ang ating page!

Panginoon, Nagtitiwala ako sa Iyo

Ni Yvette Phelps



Sa kalagitnaan ng gabi, ako ay nakasilip sa aming bintana habang nagdadasal "Panginoon, nagtitiwala ako sa Iyo!" Nilalamig, nakatayo ako doon habang pinapanood ang matinding aksyon ng mga kalalakihan sa labas ng aking gate. Ilang sandali pa ang nakalipas, Nagising ako sa malakas na putok ng baril, sobrang lakas na nanunuot ito hanggang sa aking buto. May nabaril – baka magnanakaw. Nag-iisa lang ako sa aming bahay. Ang aming guwardiya ay hindi nagising, walang ibang tao ang makakaprotekta sa akin.

Nagmadali akong kinuha ang aking cellphone at nagpadala ng mensahe sa aking asawa, na labing dalawang oras ang layo sa akin. Nasa alas-dos ng umaga kaya tulog pa siya. Nagpadala din ako ng mensahe sa aking anak na nasa USA para sa North American Youth Congress. Nag-reply siya sa akin ng dasal. Pumunta ako ulit sa bintana, kung saan nakita ko na may kaguluhan na para bang walang katapusan, "Panginoon, nagtitiwala ako sa Iyo!"

Inaamin ko, ang pamumuhay sa Nigeria ang nagturo sa akin ng maraming bagay, pero isa ang pinakasigurado, mapagkakatiwalaan ko ang puso Niya! Kilala ako ng Panginoon. Alam Niya ang aking sitwasyon. Ang salita ng Diyos ang nagbigay liwanag sa atin, kagaya nung nasa panganib si David at nakakulong, sinabi niya sa Panginoon, "Sa panahong ako'y matakot, aking ilalagak ang aking tiwala sa iyo." (Mga Awit 56:3).

Binigyan ako ng Panginoon ng kanta. Ang korus ay ganito:

You are the God of the hills and valleys
You are there when I am there
You are there when joy overtakes me

You are there when shadows fall
You are there when pain overwhelms me
You are there to bring me joy

Kahit na ano pa ang pagadadaan mo, hangad ng Panginoon na magtiwala ka sa Kanya. Kaugnay nito, lalapitan ka ng Panginoon. "Ang Panginoon'y mabuti, katibayan sa kaarawan ng kabagabagan; at nakikilala niya yaong nangaglalagak ng kanilang tiwala sa kaniya" (Nahum 1:7). Maaring pinagdarasal mo na ilapit ka ng Diyos sa Kanya pero hindi mo alam kung papaano. Ang hakbang na hihilingin mo sa Kanya ba tulungan ka na magtiwala sa Kanya ang maglalapit sa iyo sa Kanya..

Maraming beses kapag ang mga bagay ay magulo, nararamdaman natin ang parang kumot ng panalangin na nakatakip sa atin. Nagbibigay ito ng kapayapaan sa gitna ng bagyo. Naramdaman namin ito ng aking asawa, alam namin na ang Panginoon ang tumawag sa mga kapatiran na nasa USA o sa ibang parte pa ng mundo upang ipagdasal ang aming sitwasyon. Mga kapatid kung babae, sigurado ang Panginoon ay nandoon! Kagaya ng sikat na kanta na "Way Maker": "Even when you don't see it He's working, and even when you don't feel it, He's working - He never stops - He never stops working."

Magtiwala tayo sa Kanya!

Sa lahat ng sitwasyon, kasama na yung gabi kung saan pumutok ang baril malapit sa aming bintana, pinanghawakan ako ng Panginoon. Binigyan Niya ako ng hindi maikakaila na kapayapaan na bumalot sa aking silid. Kaya, magtitiwala ako sa kanya!

Note: Si Yvette Phelps at ang kanyang asawa na may tatlong taon na si Steve, ay nagsilbi sa mga misyon mula noong 2011. Kasalukuyan silang mga misyonero sa Nigeria. Mayroon silang tatlong magagandang anak na lalaki, tatlong magagandang manugang, at dalawang apo.

Nagtitiwala ako sa Puso Niya

Ni Darla Sherry



"Turuan mo ang bata sa daan na dapat niyang lakaran, at pagka tumanda man siya ay hindi niya hihiwalayan." (Proverbs 22:6).

Ilang beses ko ba itong narinig na binigkas ng aking ina noong ako ay bata pa? Sa aming tahanan, lagi itong nabibigkas kaya naisapuso namin ito. Pero syempre, noong panahong iyon, hindi ko alam ang totoong bigat ng salitang ito at ang gaan na naibibigay nito sa pagiging magulang tuwing pinapaalala ito. Dalawampung taon ang nakalipas, ngayon ina na rin ako ng dalawang batang lalaki, nagpapasalamat ako sa mga salitang sinabi sa akin.

Ang pagiging magulang ay isa sa pinakamahirap na trabaho sa mundo. Kadalasan bilang isang ina, pakiramdam natin wala tayong importansya, o napapaisip tayo kung 'tama' ba ang ginagawa natin. Kapag may mga problema ukol sa ating mga anak, dinadalangin natin ito sa Panginoon, at binibigyan tayo ng Panginoon ng susi sa problemang iyon sa pamamagitan ng kanyang perpekto at malambing na pamamaraan. Ang pagpapatunay ay darating pagkatapos mong manalangin at sinisimulan na gawin ang direksyon na ipinakita ng Panginoon noong tayo ay nagdasal. Ano ang mangyayari kung walang mabilis at makitang pagbabago? Sa mga

panahong iyon ay kailangan natin na magtiwala sa puso ng Panginoon at tandaan ang Kanyang sinabi na gagawin Niya. May mga oras na kailangang pasukuin natin ang ating laman sa Espiritu ng Diyos, at gawin ang magandang sinabi sa Philippians 4:6-7.

"Huwag kayong mangabalisa sa anomang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios. At ang kapayapaan ng Dios, na di masayod ng pagiisip, ay magiingat ng inyong mga puso at ng inyong mga pagiisip kay Cristo Jesus."

Nangako sa atin ang Diyos, at minsan mga prophetic na salita tungkol sa ating mga anak. Ngunit bilang ina kailangan nating manalangin para sa kanila para mabigyang daan ang Espiritu para sa mga pangako ng Diyos ay maisakatuparan sa buhay nila. At lagi tayong magtiwala at maniwala sa Salita ng Diyos. Sabi sa 2 Samuel 22:31, "Tungkol sa Dios, ang kaniyang lakad ay sakdal; Ang salita ng Panginoon ay subok; Siya'y kalasag sa lahat ng sa kaniya'y kumakanlong."

Magtiwala tayo sa puso ng Panginoon pagdating sa ating mga anak, Kase, Siya ang gumawa sa kanila!

"Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan: Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas. " (Proverbs 3:5-6).

Note: Si Darla Sherry at ang kanyang asawa na si Jonathan Shery ay nagsilbi bilang mga representatives sa madaming bansa sa Middle East, Meron silang dalawang anak. Si Darla ay nagsisilbi bilang Prayer Coordinator para sa buong Middle East at International Prayer Coordinator para sa Muslim world. Siya ay na-ordain na ministro ng UPCI.

Magtiwala sa Gitna ng Pagsubok

Ni Suzi Toadvine



Bilang bagong single mother sa dalawang anak, hinarap ko ang malaking pagsubok. Sa loob ng tatlong linggo, kailangan naming lisanin ang aming tahanan. Sa mga nagdaang linggo, dali-dali akong naghanap ng tirahan ngunit wala akong mahanap na angkop sa gusto ko, o yung malapit sa simbahan. Nagsisimula ng magtanong ang mga tao sa paligid ko kung ano ang gagawin ko, at ito ay nakadagdag sa aking pagkabalisa. Wala akong ideya kung ano ang dapat gawin.

Matapos kong tumingin ng higit sa dalawampung ari-arian, may naalala akong. Sabi sa Philippians 4:6, "Huwag kayong mangabalisa sa anomang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios ".

Pinaupo ko ang aking mga anak at binigyan ko sila ng papel at bolpen. Sinabihan ko sila na isulat nila lahat ng gusto nila sa aming bagong bahay. Nagsulat din ako. Pagkatapos naming maglista, nagdasal at inilahad namin sa Diyos lahat ng aming pangagailangan (at kagustuhan). May kaunti akong pag-aalala kung mahahanap ba namin ang bahay na kahit papaano ay ma-meet ang aming mga kagustuhan sa listahan, pero hindi ko sinabi ang aking mga alinlangan. Bawat anak ko ay gusto na may sarili silang walk-in closet at banyo. Gusto ko na meron kaming guest room, pantry, pull-out shelving sa kusina at cathedral ceilings. Sobrang detalyado ang listahan namin.

Sa susunod na gabi, meron na naman kaming appointment para tumingin ng mga bahay. Di ko maiwasan na makaramdam ng pagkabigo matapos naming matingnan ang ilan sa mga bahay. Pero, sa ilalim ng aking pagkadismaya, nagkaroon din ako ng bagong pag-asa. Hindi ko man alam kung ano ang mangyayari, pero meron akong tiwala na ipagkakaloob ng Diyos ang panalangin naming sa tamang oras.

Sa wakas, nasa huling bahay na kami. Hindi ko masyadong nagustuhan ang bahay sa labas, at sinabi ko iyon sa realtor. Sinabi niya sa agad akin na ang bahay ay bago, at ginawa sa tiyak na kagustuhan ng isang pamilya. Pero dahil hindi nila maibenta ang kanilang kasulukuyang tirahan, hindi na nila maitutuloy ang pagbili ng bahay na ito. Iminungkahi niya na tingnan lang namin kahit saglit. Pagpasok ko ng pinto, nakaramdam ako ng kapayapaan. Naramdaman din ito ng aking mga anak. Napakaganda ng bahay. Ang mga bata ay masayang naghanap agad ng kanilang magiging kuwarto. Ang una nilang sinabi ay “Mom, lahat ng nasa listahan ko ay nandito!” At habang tinitingnan ko ang buong bahay, LAHAT ng bagay na nasa listahan namin ay nandoon. Ganyan sumagot ang Panginoon ng dasal, kung tayo ay magtitiwala na Siya ay magbibigay.

Noong maisip ko ang katapatan ng Panginoon sa sitwasyon na ito, naalala ko ang isang verse: “Sapagka’t nalalaman ko ang mga pagiisip na aking iniisip sa inyo...upang bigyan kayo ng pagasa sa inyong huling wakas.” Maraming buwan bago ang pagsubok na ito, hinahanda na ng Panginoon ang aming tahanan para matugunan ang aming pangagailangan. Nakaramdam ako ng sobrang pagpapababa na naisip Niya kami!

Walang nagging problema sa transaksyon, at sa loob ng tatlong linggo, nakalipat kami sa aming bagong tahanan. Hindi lang tapat ang Diyos, Siya din ay laging nasa tamang oras. Tumatag ang aming paniniwala dahil dito. Sa aming pagsubok, hindi kami iniwan ng Diyos. Sa halip, pakiramdam ko binuhat Niya kami. Napakagandang ala-ala ito para sa aking mga anak. Sa tuwing napapabalik-tanaw ako, nagpapaalala ito sa akin na tapat ang ating Diyos. Puwede Niyang sabihin ang kapayapaan sa gitna ng bagyo.

Note: Si Suzi Toadvine ay ministro ng musika sa Portage United Pentecostal Church sa Portage, Indiana. Nakatira siya sa Chesterton kasama ang kanyang asawang si Rick, at siyang pangunahing tagapag-alaga ng kanyang 97-taong-gulang na ina. Siya ang ina ng dalawang anak na sina Devin (pumanaw na) at Danae, at Nana sa apo na si Zayn Devin.

Mula sa Editor

Ang Diyos ay gumagawa ng mga makapangyarihang bagay!




Ang Diyos ay nagbubukas ng maraming pinto at ang newsletter na ito ay magagamit na ngayon sa English, Arabic, Chinese, Czech/Slovak, Dutch, Fijian, French, Georgian, German, Greek, Hungarian, Italian, Japanese, Polish, Portuguese, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog and Thai

Tulongan nyo kaming manalangin para magkaroon ng mas maraming tagasalin!

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa mga salin sa itaas mangyaring ipaalam ang interes sa LadiesPrayerInternational@aol.com at kami ay nalulugod na idagdag ka sa aming mailing list!

[Bisitahin ang Ladies Prayer International sa Facebook at i-"like" ang aming page!](#)



Dear Prayer Team Leader, Please visit Ladies Prayer International on Facebook and "Like" our page!! [Facebook Ladies Prayer International Link](#)

Also, please invite your group to subscribe to this FREE newsletter at: <http://www.ladiesministries.com/programs/ladies-prayer-intl> or email request to: LadiesPrayerInternational@aol.com

Please share this information with your church, friends and family. Thank you for being a part of this thriving prayer ministry and for helping us spread the word about the FREE newsletter and Facebook page!



Kung sino tayo . . . Mula noong 1999: Ladies Prayer Intl. ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo, na nagkikita sa unang Lunes ng bawat buwan upang magkaisa sa pokus na panalangin para sa kanilang mga anak at mga anak ng lokal na simbahan at komunidad.

Ang aming Misyon. . . Kami ay nakatuon sa espirituwal na pangangalaga ng henerasyong ito at higit pa at ang espirituwal na pagpapanumbalik ng mga nakaraang henerasyon.

Ang Ating Pangangailangan. . . Nakatuon ang mga kababaihan na magkakasama sa unang Lunes ng bawat buwan at manalangin na nakatutok sa panalangin para sa kanilang mga anak.

Tatlong Prayoridad ng Panalangin ...

- Ang kaligtasan ng ating mga anak (Isaias 49:25; Mga Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
- Na kanilang pagmamayrian ang kanilang pananampalataya pagdating ng tamang edad (1 Juan 2:25-28; James 1:25).

- Na pasukin nila ang minsteryo ng ani para sa Panginoon (Mateo 9:38)